Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 2, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 145-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY GATID NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONGDAAN ANIMNAPU'T TATLONG LIBO SIYAMNARAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO AT ANIMNAPU'T APAT NA SENTIMOS (Php363,992.64) MULA SA PONDONG NATIRA NOONG TAONG 2009 UPANG ILAAN SA ILUMINASYON AT PATUBIG (MERALCO BILL) (Php94,000.00); PAGPAPAGAWA NG PATROL CAR (Php30,000.00); REPAIR AND REPAINT NG ARKO SA SITIO BUKANA (Php30,000.00); CLEAN AND GREEN PROGRAM (Php80,000.00); SEMINAR (Php20,000.00); PAMBILI NG GAMOT (Php80,000.00) AT PAGPAPAGAWA NG KAGAMITAN (Php29,992.64) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 02-T2010 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2010 ng Sangguniang Barangay ng Gatid na nagpapatibay ng halagang Php363,992.64 mula sa pondong natira noong taong 2009 upang ilaan sa Iluminasyon at patubig (Meralco Bill) (Php94,000.00); pagpapagawa ng patrol car (Php30,000.00); repair and repaint ng Arko ng Sitio Bukana (Php30,000.00); Clean and Green Program (Php80,000.00); Seminar (Php20,000.00); pambili ng gamot (Php80,000.00) at pagpapagawa ng kagamitan (Php29,992.64) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, Rolando Moises E. Acapulco at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng Php363,992.64 mula sa pondong natira noong taong 2009 upang ilaan sa Iluminasyon at patubig (Meralco Bill) (Php94,000.00); pagpapagawa ng patrol car (Php30,000.00); repair and repaint ng Arko ng Sitio Bukana (Php30,000.00); Clean and Green Program (Php80,000.00); Seminar (Php20,000.00); pambili ng gamot (Php80,000.00) at pagpapagawa ng kagamitan (Php29,992.64) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ENGR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan